Ang mga orasyon, ang mga agimat, at ang gayuma ay Shirk."}

Ayon kay `Abdullāh bin Mas`ūd (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang mga orasyon, ang mga agimat, at ang gayuma ay Shirk."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām Abū Dāwud, Imām Ibnu Mājah, at Imām Aḥmad]

Naglinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ng mga bagay na ang paggawa ng mga ito ay kabilang sa Shirk. Kabilang sa mga ito: UNA: Ang mga orasyon: ang pananalita na ipinanggagamot ng mga kampon ng Kamangmangan, na naglalaman ng Shirk. IKALAWA: Ang mga agimat: mula sa mga abaloryo (beads) at tulad nito na isinasabit sa mga bata, mga hayop, at iba pa sa mga ito para sa pagtulak sa usog. IKATLO: Ang gayuma: ang ginagawa para paibigin ang isa sa mag-asawa sa asawa nito. Ang mga bagay na ito ay bahagi ng Shirk dahil ang mga ito ay bahagi ng paggawa sa isang bagay bilang kadahilanan samantalang ito ay hindi naman isang kadahilanang legal na pinagtibay ng patunay at hindi isang kadahilanang pisikal na pinagtibay ng eksperimento. Hinggil naman sa mga kadahilanang legal gaya ng pagbigkas ng Qur'ān o pisikal gaya ng mga gamot na pinagtibay ng eksperimento, ang mga ito ay pinapayagan kasabay ng paniniwala na ang mga ito ay mga kadahilanan at na ang pakinabang at ang pinsala ay nasa kamay ni Allāh.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/5273